

Chapter-6

Khell Pov

Dumaan ang mga araw at nakalimutan ko ang nangyari. Hindi rin ito nagsasalita. Parang umiwas ito. Dapat ba akong maniwala o hindi?

Ano ba ang totoo?. Naguguluhan man ay pilit ko yon inalis sa isipan ko. Bukas ay kailangan na namin mag-hiking ng mga bata.

Inayos ko na lamang ang mga folder dito sa mini table ko sa kwarto at mga papel na nagkakatatay, nag linis na rin ako kahit wala naman lilitinis dito. Lalo na at may pumunta dito buwan-buwan para lang i-sanitize itong mansion.

Nilabas ko na rin ang bag ko na kailangan sa pang-hiking, inayos ko ang pagkakatatay sa damit ko para magkasiya lahat. Nagdala na rin ako ng kumot at makapal na comforter at ang isang bag ko naman ay naglalaman iyon ng malaking tent. Inayos ko rin ang ang iba pang pangangailangan sa hiking.

Lumabas ako ng kwarto nang maabutan ko ito sa sala at nakaharap sa kanyang laptop. At himala ata.

Tumingin ito sa direksyon ko pero agad rin umiwas ng tingin. Para kaming bumalik sa una na walang imikan at tanging cold treatment lang ang namamagitan sa amin.

Yung gusto kong magpaturo sa kanya ay hindi na natuloy.

Tinungo ko ang kusina at kumuha ng bread, nilagyan ko rin iyon ng butter nang matapos ay naabutan ko pa rin ito sa sala at busy sa harap ng laptop nito.

Parang hindi na ako sanay sa pagitan naming dalawa. Mas bet ko pa yung kinausap niya ako kahit masungit, matalim ang tingin o malamig ang pakikitungo. Sa kanyang emosyon ay malalaman ko pa.

Pagsapit ng hapon ay ganon pa rin, nakatutok lang ito sa harap ng laptop at kumakain ng pizza habang ako naman ay nanuod ng tv habang kumakain ng wa le.

"You distracting me" singhal nito, hindi ko ito pinansin at nanuod ako ng netflix. Mas nilakasan ko pa ang volume. "Awhell Khell Cameron" singhal nito. "Damn!" she cursed.

Hinaan ko naman ang volume ng tv at tinignan ito ng masama. "Minumura mo ako?" inis na wika ko.

"Hindi" saad nito at binalik ang tingin sa laptop. "Tsk"

Tinuon kong muli ang tingin sa tv. "Ay pota—" I cursed. Tanginang multo to masiyadong nanggugulat.

Napatingin ako sa gilid ko, i gulp when our eyes met, ang sama ng tingin nito sa akin. "You're so loud" she said. "I can't focused"

Tinarayan ko ito pero agad rin akong napasigaw. Ano bang multo to. Hindi ko tinapos iyon at naghapan ng bago.

Nanuod na lamang ako ng Chainsaw massacre. Mas bet ko pa brutality kaysa sa multo na nanggugulat.

"Seriously? You can watch that argh—" wika nito na tila nandidiri pa.

"Edi huwag ka manuod, ito ang gusto ko eh"

"That kind of brutality scene?" singhal nito.

"Eh ano naman? Maganda nga to"

"Yeah! You're so loud and distracting me here"

"Doon mo sa kusina ipagpatuloy or maybe sa room mo" wika ko, malamig na naman ang tingin na pinukol nito sa akin and shaking her head. Tanda na hindi nito gusto ang sinasabi ko.

"Brat" she said. Biglang tumaas ang dugo ko sa sinabi nito.

"Ano?"

"I said brat" ngumuso ako at hindi ito pinansin, tinuon ko ang mata ko sa tv habang kumakain pa rin ng wa le.

Kahit magulo pa ang buhay ko dahil sa babaeng alagad ni elsa basta may wa le ay gaganda ang mood ko. Wala naman akong pakealam jan lalo na sa lalaking iyon. Pake ko sa kanila?.

STORY CONTINUES BELOW

-

"Where are you going?" she asked. Hindi ko ito inayang mag-hiking. Nakita ko itong pababa sa hagdan at tila kakagising lang. Himala nga at ang aga nitong magising kahit wala naman pasok.

"Mag-hiking" turan ko

"Hiking?"

"Oo maglalakabay sa kabunduka—"

"I know tsk" putol nito sa sasabihin ko. "Wait me here sasama ako" she said na ikinalaki ng mata ko.

"Hoy hindi ka pwedeng sumama—" wika ko nang tumakbo ito patungo sa kanyang kwarto.

"Who says?" sigaw nito sa akin pabalik. Walang nagawa ko itong hinintay sa sala.

Ang lamig ng kanyang pakikitungo sa akin tapos sasama siya sa hiking? Anong klaseng disesyon ang meron siya sa buhay? O anong nakain nito at sumama?.

Mahigit isang oras rin ako naghintay sa kanya, nakasuot ito ng black pants na may ternong button top at black leather jacket. Napalunok ako at umiwas ng tingin. Naka-suot rin ito ng pang-hiking na sapatos.

"Let's go" she said. At nauna nang lumabas.

Alas otso na at ang sabi ko ay 7 a.m magkikita kami sa 7/11. Nakakahiya sa mga bata na ako ang nag-aya, ako pa ang late. Makupad talaga itong kasama ko.

Sumakay ito sa kanyang kotse habang ang bag nito ay nasa backseat na, ganon rin ang ginawa ko at sumakay sa passenger seat.

"Sa 7/11" simpleng sagot ko. Wala pa kaming kain at nagugutom na ako.

Pagkarating namin sa 7/11 ay nakita ko ang ilang estudyante ko.

"Ma'am?" gulat na gulat na tanong nila ng makita kami. "Miss Felix"

"Pasensya na nalate kami" wika ko.

"A-ayos lang ma'am"

"Saan ang iba?" tanong ko.

"Hindi pinayagan ma'am, habang ang iba ay nasa loob at bumili ng maka-kain" tumango naman ako.

"Hi Miss Felix, sasama ka po?" awkward na turan ng isa. Pinigilan kong huwag matawa.

"Yeah" simpleng sagot nito. Pumasok ako sa loob at hindi na sila pinaknggan pa. Bumili ako apat na siopao at apat na 125ml water dahil mura lang naman yan dito.

"Miss Cameron, palibre po" wika ng estudyante ko.

"Wala akong pera Miss Napoleon"

"Bilis na Miss ngayon nga lang eh" natatawag tinapik ko ito sa balikat dahil sa pag-nguso nito.

"Kay Miss Felix ka magpa-libre— ayan na pala siya eh" wika ko ng makita ko ito na pumasok at sinuyod ng mata nito ang kabuuan ng 7/11 hanggang sa dumapo ang tingin niya sa akin.

Agad akong umiwas at bumili na ulit ng pringles, apat ang binili ko para iba't-iba ang kulay. Kumuha pa ako ng malalaking chichirya.

"Returned that" she said. Hindi ko ito pinansin at binigay sa kanya ang siopao na dala ko at apat na mineral. Walang nagawa ito.

Kumuha ako ng tatlong sprite para sa aming lahat habang ang ibang boys naman ay kumuha ng liquor na iinom nila.

Nagpabili na rin ako ng gamot in case of emergency. Mahirap na, mabuti na yung sigurado tayo.

Nang matapos ako sa pamimili ay walang nagawa itong binayaran lahat na kinuha ng mga estudyante ko. Makapal talaga mga mukha nila.

"Salamat Prof Felix" wika nilang lahat ng makalabas kami. Tuwang-tuwa naman silang lahat.

"Sino nakakaalam kung saan iyong pupuntahan natin?" tanong ko sa kanila

"Ma'am si Jade— sa kanila iyon eh"

"Pero ma'am tatlong araw lang tayo doon, bale 2 nights and 3 days" napatango naman kami.

"May dal-dala ba kayong tent?" tanong ko sa kanila. Ang iba ay sumagot ang iba naman ay hindi, mag share na lang daw.

"Bawal mag-tabi ang babae at lalaki" pa-alala ko sa kanila.

"Masusunod Miss Cameron"

"Let's go masiyado na tayong late" saad ko. Lahat sila ay sumakay na sa kani-kanilang sasakyan. Nauna ang sasakyan nila Jade dahil siya itong may-alam. Malayo rin ito lalo na province pa daw.

Tumigil lang kami sa isang karenderya dahil pasado 2 p.m na at lahat ay nagugutom na rin.

"Kumakain ka nito?" she asked. Kanina pa ito tahimik hanggang sa byahe at ngayon lang nagsalita.

"Yes" umorder na ang mga ito at dahil nga may thirty minutes pa kaming byahe ay nagmamadali na ang mga ito.

"Don't drink coke, take your med first" pa-alala nito.

"Hindi ko dala gamot ko" wika ko.

"I brought your medicine" she simply said at patuloy sa pagkain. Gulat ko itong tinignan. "Tsk stop staring" napapatingin naman ako at ngumiti.

"Thank you" I Sincerely said. Nailapag nito ang kubyertos at tumingin sa akin. Huminga ito ng malalim at tumango.

Nang matapos akong kumain ay ininom ko muna ang gamot para sa ulcer, kahit okay na ako ay kailangan ko pa rin itong inumin. Binabaybay na ulit namin ang daan hanggang sa huminto ito sa isang bahay.

"Ma'am dito na lang natn iinwan na bahay ang mga kotse" wika ni Jade ng makababa kaming lahat dala ko na ang dalawang bag ko at ang pagkaing hawak ko naman ay kinuha iyon ng isa ko pang estudyante at siya na lang daw ang magdadala.

Ang iba naman ay may dala-dalang gamit at dalawang gallon ng tubig.

"Bahay niyo pala to Jade?"

"Sa lolo ko ito kaso nasa Mindanao ito ngayon"

"Ang laki ng bahay niyo Jade"

"Gagi hindi naman, kay lolo lang ito— ay pwede niyo na pong ipasok ang mga kotse sa gale, safe naman po iyan dito" wika ni Jade. Tumingin ako sa katabi ko nang ibaba nito ang kanyang bag.

"Pasok ko muna, wait me here" she said. I just nodded my head. Malaki tinignan ang space ng mga garaha dito halatang mayaman nga. Kaso kung titignan ang bahay ay masiyadong malungkot.

Nang maipasok na nila lahat ng kani-kanilang kotse ay bumalik ang mga ito. At ang iba ay nauna na.

"Let's go" kinuha nito ang bag na dala ko.

"Christell"

"Kaya ko na" walang nagawa ko iyon binigay.

"Sana all po! Kung wala kayong asawa ship ko kayo mga ma'am" sigaw ni Jade.

"True" dugtong ni Eric na inalalayan si Jade. Kung alam lang nila kung ano kami ng Professor na kasama namin ngayon.

"Pagod ka?" tanong ko dito at inalalayan sa pagbaba. Hindi ito nagsalita.

"Pahingap muna tayo" wika ko lahat naman sila ay huminto. Inabot sa akin ni Christell ang tumbler nito.

"Drink this" wala sa sariling ininom ko iyon. It means? Dito rin siya umiinom?. Namumulang umiwas ako ng tingin.

"Ma'am bilisan na po natin, baka kasi gabihin tayo" wika ni Jade. Nagpatuloy na kami sa paglalakad, todo alaya sa akin si Christell na siyang ikina-bibilis ng puso ko, bakit ba siya ganito? Akala mo walang ginawang mali sa mga nakalipas na araw.

Napa-buga ako ng hangin at huminga ng malalim.

"Are you okay?" bakas ang pag-alala nito. Narahan akong tumango.

Dalawang oras rin kami naglalakad hanggang sa marating namin ang lugar, malapit ito sa falls. 5:30 na rin ng hapon kaya naman nagmamadali na ang mga ito na mailatag ang kani-kanilang mga tent. Ang mga boys naman ay naghahanap pa daw ng mga kahoy.

"May dala ka bang kumot?" tanong ko dito.

"Nothing but I have two mini pillow inside my bag" she said. Tumango na lamang ako nang matapos ay nauna akong pumasok sa loob at inayos ang makapal na comforter na dala ko.

Wala kasing dalang tent ang Professor na ito at wala akong magawa kundi ang makatabi ito mamaya.

"Saan ang ibang boys?" tanong ko nang makalabas sa tent.

"Yung iba ma'am naligo at ang iba naman ay naghapan ng panggatong" tumango naman ako. Doon ko lang rin napanasin na may dala pala ang mga ito ng kaldero.

"Girl scout?"

"Naku ma'am ready talaga ang mga iyan" natatawag ani ni Jade.

Napatango ni Jade ang akong tanong.

Ilang minuto pa ay bumalik na ang mga ito at may dala nang mga panggatong.

"Bumili kayo ng hotdog?" tanong ni Ryle, kunot-noo ko sila pinaknggan.

Ang ibang girls naman ay busy sa paglalagay ng kani-kanilang solar light sa paligid, hindi naman halata na ang tilan sa kanila ay mayaman.

"Syempre"

Napapailang na lamang ako.

"Ma'am ito na po" taka akong napatingin kay Ivy ng may binigay ito.

"Salamat" saad ko at kinuha ang plastic. Siya pala ang nagbitbit nito kanina habang paakyat kami dito.

"Sige ma'am welcome" pumasok ako ng tent at naabutan ko si Christell na natutulog.

Kinuha ko ang bag ko at hinalungkat ito para kunin ang akin jacket.

"Christell" mahinang tawag ko sa pangalan nito.

"Hmm?"

"Labas tayo" tawag ko. Hindi ito naka-jacket at tanging button top lang ang suot nito.

Napalunok ako at umiwas ng tingin, masiyado siyang sexy at pakiramdam ko ay nang-aakit ang katawan nito.

"Wala kang jacket?" I asked, umiling naman ito.

Agad kong binigay sa kanya ang jacket ko. Nagtataka itong tumingin.

"You might be cold?" she said.

"I'm okay" i said. At lumabas ng tent. Sakto naman na tinawag na kami ni Jade para kumain.

Lahat sila ay nakapalibot na sa bonfire at may mga pinggan na ang mga ito at kumakain na.

"Ma'am kain na po tayo"

"Sige lang" ngiti ko. Binigyan naman nila kami ng pinggan na may laman nang kanin at ulam. Napangiti naman ako.

"Pwede naman siguro kaming uminom ma'am" wika ni Eric.

"Pwede naman basta isang bote lang" saad ko. Lahat naman ay naghiyawan. Sinimulan ko na ang pagkain habang ang katabi ko naman ay tahimik lang.

"Ma'am hindi namin nakikita ang mga asawa niyo" tanong ni Ryle.

"Oo nga ma'am, lalo na ang asawa ni Prof Felix" napapailang ako na ngumiti.

"Bilisan niyo na ang pagkain jan dahil gabi na"

"Ma'am naman eh hindi niyo sinasagot mga tanong namin" maktol ni Ryle.

Todo pagmamaktol pa rin sila dahil gusto nilang malaman kung sino ang asawa namin, kung alam lang nila. Napapailang na tinapos ko ang pagkain na tahimik, ganon rin si Christell.

"Ma'am tara sama kayo sa amin uminom" aya ni Jade na ngayon ay nakapalibot na sila sa bonfire at kumakain ng mga binilis sa 7/11.

"Hindi kami uminom eh, kailangan namin magpahinga" wika ko.

"Bilis na ma'am— maaga pa naman"

"Oo nga naman Prof" wika nila at basta na lang tumayo para hilain ako.

"Hoy ano ba"

"Prof bawal KJ dito, pati si Prof Felix dapat kasama" wika ni Eric at hinila si Christell. Walang nagawa kaming umupo.

"Ok lang?" tanong ko dito ng maka-upo sa tabi ko. Tinignan ako nito ng malamig pero agad rin umiwas.

"Prof—" wika nila at binigyan kami ng tag-iisang basong may lamang alak. Unang inom palang para ng pinaso ang lalamunan ko.

"Ang pait" angal ko at binigay sa kanila ang baso. Si Christell naman ay tahimik pa rin na uminom.

"Hindi ka sanay Prof?" tanong ni Jade.

"Mukha ba akong umiinom?" pagtataray ko. Nagtawanan naman sila.

Pakiramdam ko ay lasing na ako dahil sa hilong nararamdaman. Fuvk.

"Christell" mahinang tawag ko dito. Tumingin ito sa akin at umiling.

"Stop—" pigil nito sa mga bata. "She's not allowed to drink again" pagbabanta nito sa mga bata.

"Christell—" tawag ko dahil pakiramdam ko ay nahihilo na ako.

Tahimik ako nitong inalalayan habang ang mga estudyante ko ay walang nagawa at hindi na nagpumilit pa.

Nang makarating kami sa tent ay hiniga ako nito. Naririnig ko pa ang tawanan sa labas. Pinikit ko ang mata ko dahil umiikot ang paligid ko.

"Fuvk ito so hot" angil ko at hinubad ang damit ko.

"Awhell" naramdaman ko ang kamay nito na pumipigil sa akmang paghuhubad ko.

"Christell ang ini"

"Fuvk Awhell" mura nito ng maihubad ko na ang damit ko.

"Christell" tawag ko dito. Hindi ito nagsalita pero ramdam ko na lumabas ito. Nanatiling nakapikit ang mata ko.

Ilang minuto pa ay naramdaman ko ang paglapat ng malamig na bagay na dumadampi sa noo ko.

"Christell"

"Pupunasan kita" she said. Tahimik na lamang ako at nakiramdam.

Ilang minuto pa ay naramdaman ko ang kumot na bumalot sa katawan ko at ang pagtabi nito sa akin.

Siniksik ko ang katawan ko sa kanya to feel her warm body.

"Christell"

"Sleep na, goodnight" she said.

"Goodnight Christell" saad ko at bago pa ako tuluyang lamunin ng antok ay may sinabi pa ito kaso hindi ko lang maintindihan dahil sa antok na nararamdaman.

Continue reading next part ↻